

Pagsusuri sa Estrukturang Ponolohiya ng Surigaonon-Cantilan sa Surigao del Sur

*Annie Y. Samarca*¹

ORCID No. 0000-0001-8132-1719

*Mary Ann S. Sandoval*²

ORCID No. 0000-0003-2714-0874

Abstrak

Naglarawan at nagsuri ang sinkronilingwistikong pag-aaral na ito sa estruktura ng ponolohiya ng Surigaonon-Cantilan sa Surigao del Sur. Sinagutan ang mga tanong na sumusunod: (1) Ano-ano ang mga ponolohikal na katangian batay sa pnemang segmental ang matatagpuan sa Surigaonon-Cantilan ayon sa diptonggo, klaster, at pares minimal? (2) Ano-ano ang mga ponolohikal na katangian batay sa ponemang suprasegmental ayon sa diin? Nilapatan ito ng disenyong deskriptibong kuwalitatibo at indihenens na pamamaraan. Nakuha ang mga datos mula sa mga impormante na lehitimong mamamayan sa mga bayan ng Carrascal, Cantilan, Madrid, Carmen at Lanuza na naging saklaw ng pag-aaral. Natuklasan na ang Surigaonon-Cantilan na wikain ay mayroong anim (6) na ponemang patinig: /i/, /e/, /ə/, /a/, /o/ at /u/; at labimpitong (17) ponemang katinig: /p/, /b/, /t/, /d/, /k/, /g/, /s/, /h/, /m/, /n/, /ŋ/, /l/, /r/, /y/, /w/, /ʔ/ at /j/; Ginagamit ang mga ponemang ito sa unahan, gitna at hulihan ng mga salitang Cantilangnun maliban sa /j/ na walang gamit sa hulihan ng salita. Ang mga diptonggo na /aw/, /iw/, /ay/, /oy/ at /uy/ ay nakapaloob din sa mga salitang maaaring makikita sa una at huling pantig ng salita. Natuklasan din ang dalawampu't dalawa (22) na mga klaster sa wikang pinag-aralan: *br, by, dy, dj, dr, dy, gr, gw, hy, kl, kr, kw, ky, ly, pl, pr, pw, py, sw, sy, tr at ty* at nakikitaan din ng pares minimal ang wikaing ito. Apat na diin ang natukoy sa pag-aaral, ang malumay, malumi, mabilis at maragsa. Ipinapahiwatig sa resulta ng pag-aaral na taglay ng Surigaonon-Cantilan ang katangiang ponolohikal ng wika. Nananatiling buhay ang wika dahil sa patuloy itong ginagamit bilang unang wika sa pakikipag-ugnayan sa lipunang kinabibilangan. Inirerekomenda na ang resulta ng pag-aaral ay gawing batayan sa pagbuo ng kagamitang panturo sa pagtuturo ng Mother Tongue, Panimulang Linggwistika at Estrukturang wika. Ang pag-aaral sa wika at wastong paggamit nito ay lubos na nakatutulong para sa pagsasakatuparan ng pagkakaisa tungo sa pagpapaangat ng ekonomiya ng pamayanan.

Mga susing salita: Estrukturang, pagsusuri, ponolohiya, Surigaonon-Cantilan

¹ North Eastern Mindanao State University

² Mindanao State University-Iligan Institute of Technology

Wika ang pangunahing kasangkapan ng tao sa pagpapahayag ng kanyang damdamin at kaisipan. Ayon kay Chomsky (1965), makikita sa tao ang pagiging pagkamalikhain ng wika sapagkat naipahahayag ng tao sa wikang kinagisnan at natutunan ang lahat ng kanyang karanasan at pag-iisip. Pinatunayan ito ng mga mamamayan na naninirahan sa mga bayan ng Carrascal, Cantilan, Madrid, Carmen at Lanuza (CarCanMadCarLan) ng Surigao del Sur na namulat sa kanilang unang wika, ang Cantilangnun. Ito ang wika na ginagamit ng mga mamamayan sa mga bayan na nabanggit sa kanilang pakikipag-ugnayan sa kanilang tahanan, paaralan at sa buong pamayanan. Naipahahayag nila nang malaya ang kanilang mga saloobin at mga karanasan sa pamaagitan ng wikang ito. Ayon kay Paz et al. (2003), ang wika ang ginagamit para maipahayag at mangyari ang anumang mga minimithi o pangangailangan ng tao. Sa pamamagitan nito naipaaabot ng mga tao ang kanilang damdamin, kagustuhan, asal, tradisyon at diwa sa kanilang kapwa. Madaling matutunan at magamit sa pagsasalita at nagsisilbing daan ng paglawak, pag-unlad, paglinang, pagyaman at pagiging bansa ng mga Pilipino. Ang wikang ito ang naging sandata sa mga Cantilangnun para sa kanilang matagumpay na pamumuhay maging sa pagtulong upang mapapaangat ang ekonomiya sa lipunan. Ngunit, sa kabila ng kahalagahang naiambag ng wika sa tao at lipunan ay wala pa ring pag-aaral hinggil sa paglalarawan at pagsusuri sa estruktura ng palatunugan ng wikang ito.

Bawat wika ay may mga sariling tunog, gayundin ang wikang Cantilangnun na mayroon ding partikular na patern ng pagsasaayos para ipahayag ang iniisip. Totoong may kakayahang bumuo at umunawa ng mga pangungusap ang bawat ispiker ng wika. Pinaniniwalaan din ni Chomsky na ang kakayahang linggwistikal ay ang kamalayan sa kabuoan

ng pamamaraan ng pagbuo ng salita, pangungusap at kombinasyon ng mga ito. Bagama't ayon kina Montera at Perez (2012), hindi posibleng matuto ang tao ng pagbuo ng mga salita bago siya natuto sa pagbigkas ng mga tunog. Kaugnay nito, mahalagang maintindihan na may gramatika ang lahat ng wika. Bahagi ng gramatika ang ponolohiya na tungkol sa pagpapatern o kombinasyon ng mga tunog na ito sa loob ng isang wika.

Ponolohiya ang tawag sa makaagham na pag-aaral sa mga makabuluhang tunog ng bawat ponema ng isang partikular na wika. Bahagi ng pagkatuto ng wika ang pagkatuto sa mga tunog nito. Ayon kay Fromkin et al. (2010), kasama sa pagkilala at pagkatuto sa sistema ng mga tunog ng wika ang masusing pagsusuri nito sa mga tunog sa simula ng mga salita maging sa gitna at hulihan nito. Ponema ang tawag sa representasyon ng mga yunit ng tanging tunog sa pamamagitan ng iba't ibang sagisag na nakapagbibigay ng pag-iiba-iba ng kahulugan ng salitang Cantilangnun. Sinasagisag ang bawat tunog ng isang simbolo. Binubuo ang Surigaonon-Cantilan ng dalawang uri ng ponema: ang ponemang segmental at suprasegmental. Kabilang sa ponemang segmental ang mga katinig, patinig, diptonggo, klaster at pares minimal. Kasama naman sa mga suprasegmental ang diin at tono o intonasyon. Sa pag-aaral ni Pasion (2015), natuklasan niyang naiimpluwensyahan ang wikang Mandaya bunga ng pakikisalamuha at pakikibagay ng mga tao sa lipunan. Ang impluwensyang ito ay nagpapatunay na totoong buhay ang wika sapagkat patuloy itong lumalago.

Ang mga katangiang ito ay tinataglay rin ng Surigaonon-Cantilan. Kung gayon, lubhang mahalagang matukoy at mailarawan ang estruktura ng ponolohiya na bahagi ng estrukturang gramatikal ng

wikaing Cantilangnun. Tunay na malaki ang maiiambag ng pag-aaral hindi lamang sa pagpapayaman at pagpreserba sa wika gayundin ang paggamit bilang batayan sa pagbuo ng mga lokalisdong kagamitang pampagtuturo na kinakailangan sa MTB-MLE na kurikulum. Katunayan, ipinahayag ni Lacsamana (2021), na ang unang wika ang magtatanggal ng anumang di pagkaka-unawaan ng tahanan at paaralan kahit sa anong asignatura o paksa ang ituro sa mga mag-aaral, tiyak na makarating sa kani-kanilang tahanan nang malinaw at makahulugan na may tamang pagtanggap at wastong pagpapakahulugan. Kaugnay nito, mahalaga rin na ang mga konteksto nakapaloob sa kagamitang pampagtuturo ay maiakma sa kurikulum at iugnay sa proseso ng pagtuturo at pagkatuto sa lokal na kapaligiran (Creger at Murray, 2002). Ang mga pahayag na nabanggit ang dahilan ng pagsasagawa ng pag-aaral sapagkat pinaniniwalaan din ng mga mananaliksik na ito ay makapag-ambag sa pagpapaangat ng antas ng kabisaan sa pagtuturo at pagkatuto; at makatutulong sa mabisang paglinang ng pundasyon ng edukasyon ng mga mag-aaral na siyang pag-asa para sa pagbuo ng isang matatag at maunlad na bansa.

Layunin ng Pag-aaral

Pinakalayunin ng pag-aaral na ipakilala ang ponolohikal na katangian ng Surigaonon-Cantilan sa Surigao del Sur. Sinagot ng pag-aaral na ito ang mga sumusunod: Ano-ano ang mga ponolohikal na katangian batay sa pnemang segmental ang matatagpuan sa Surigaonon-Cantilan ayon sa diptonggo, klaster, at pares minimal?; at Ano-ano ang mga ponolohikal na katangian batay sa ponemang suprasegmental ayon sa diin?

Batayang Konseptwal

Ang wika ay panlipunan at ang pananalita ay pang-indibidwal. Sa paniniwala ni Sapir (1949), isang instrumento o kasangkapan ang wika sa sosyalisasyon, na hindi iiral ang mga relasyong sosyal kung wala ito. Isang simbolo ng solidaridad ang pagkakaroon ng isang wika na mag-iisa sa tagapagsalita nito. Para naman kay Saussure (1915), hindi kumpleto ang wika sa sinumang tagapagsalita, umiiral lamang ito sa loob ng isang kolektibo. Ang wika ang pangunahing kagamitan sa pakikipag-ugnayan, marapat lamang na matukoy ang ponolohiya na bahagi ng estruktura nito at lubos na masuri at maintindihan ang mga gamit nito.

Tunay na buhay at dinamiko ang wika. Ang patuloy na pagkilos tungo sa tinatawag na globalisasyon at habang umuunlad ang isang pandaigdigang wika ay lalong pinahahalagahan ng bawat bansa maging ang bawat pangkat ang kani-kanilang sariling pagkakakilanlan partikular na ang wika. Lubos ding kinikilala at pinahahalagahan ng mga ahensyang internasyonal tulad ng UNESCO ang pagkakaiba sa kultura at lingguwistika, kasunod ang pagkilala sa karapatan sa wika at kultura ng bawat pangkat o bansa.

Ang mga wika sa Pilipinas ay mayroong pangunahing tuntunin sa gramatika na siyang sinusunod na gabay sa pag-aaral ng bawat wika na napapabilang sa korpus ng mga wika sa Pilipinas (Cuba at Cubar, 1994). Nakapaloob dito ang pangkalahatang katangian ng wika gaya ng mga tunog ng mga letra, pagkabigkas at pagkabuo ng mga salita at maging ang pag-uugnay ng mga salita sa loob ng mga pahayag. Ayon kay Dumanig (2011), ang wikang Surigaonon ay malinaw na nagtataglay ng katangian ng isang wika. Ito ay likas na kakaiba sa iba

pang wika sa Pilipinas sapagkat mayroon itong labimpitong ponemang katinig at tatlong ponemang patinig na mayroong 5 tunog. Mayroon din itong 25 klaster at 4 na diptonggo. Natukoy rin ni Cebrero (2012), na mayroon ding leksikon sa tatlo (3) – paraan ng pagbigkas, uri ng diptonggo at uri ng kambal-katinig ang dayalektong Subanen-Lapuyan at Subanen-Sindangan.

Ang mga ideyang nabanggit ay nagsilbing batayan sa pag-aaral ng ponolohiya na bahagi ng gramatika at estruktura ng Surigaonon-Cantilan sa Surigao del Sur. Isinaalang-alang din ang pagtukoy at paglalarawan sa ponolohiya ng wikang ito upang lalong matugunan ang pangangailangan ng ipinatupad na *Mother Tongue based-Multilingual Education* o MTB-MLE ng K to 12 na nakapaloob sa RA 10533 na *Enhanced Basic Education Curriculum*. Nagsilbi itong angkop na batayan sa pagbuo ng mga kagamitang pampagtuturo para sa unang wika na asignatura at maging sa iba pang mga asignatura na kailangan ang unang wika ang midyum sa pagtuturo.

Lubos ding pinaniniwalaan na isang malaking kontribusyon sa pagpapahalaga't pagpapayaman sa wika ang pag-aaral sa ponolohiya ng Surigaonon-Cantilan. Tumutugon ito sa mga layunin ng Komisyon sa Wikang Filipino upang lalong mapabisa ang totoong pagtuturo ng *mother tongue* sa *kindergarten* hanggang *grade 3* sa kurikulum ng K to 12 sa mga lugar na gumagamit ng wikaing ito bilang *mother tongue*.

Inilarawan din ng *descriptive* grammar sa estruktura ng wika na ginagamit ng mga tagapagsalita at manunulat. Ayon kay Chomsky (1965), layunin ng isang linggwista na makilala o matukoy kung magagamit sa pakikipag-ugnayan ng tagapagsalita ang unang wikang kanyang natutunan. Sa paniwala ni Sapir (1949), isang instrumento o kasangkapan ang wika sa sosyalisasyon, na hindi iiral ang mga relasyong sosyal


kung wala ito. Isang simbolo ng solidaridad ang pagkakaroon ng isang wika na mag-iisa sa tagapagsalita nito. Para naman kay Saussure (1915), hindi kumpleto ang wika sa sinumang tagapagsalita, umiiral lamang ito sa loob ng isang kolektibo. Inilalarawan din ng *functional theories* na dahil ang wika ang pangunahing kagamitan sa pakikipag-ugnayan, marapat lamang na matukoy ang ponolohiya na bahagi ng estruktura nito at lubos na masuri at maintindihan ang mga gamit nito. Nangangahulugan din ito na nakatuon sa pamamaraan ng paggamit ng wika sa pakikipagkomunikasyon, hindi iyong pormal na relasyon ng elementong linggwistikal.

Ang *pedagogical grammar theory* ay isang konsepto ng gramatika na isinalang-alang ang mga pangangailangan ng mga mag-aaral na pangalawang wika. Ito ay kinabibilangan ng mga pangunahing ginagamit na mga istruktura sa mga mag-aaral na nagpaplanong gamitin ang mga wika para sa mga ordinaryong layunin lalo na ang mga akademikong pag-aaral (Verity, 2018).

Bilang bahagi ng isinagawang pag-aaral, ipinakikita sa Figyur 1 ang iskimatikong dayagram ng pag-aaral. Sadyang isa sa mga wika ang Surigaonon-Cantilan sa Surigao del Sur. Ito ang unang wika na ginagamit sa pakikipag-ugnayan ng mga mamamayan sa mga bayan ng Carrascal, Cantilan, Madrid, Carmen at Lanuza. Taglay ng wikang ito ang katangian ng estruktura at gramatika ng wika. Isa sa mga katangiang ito ay ang ponolohiya. Mahalagang masuri at mailarawan ito ayon sa aspektong segmental at suprasegmental upang mas lalong napatunayan na ang Surigaonon-Cantilan ay tunay na unang wika sa bayan ng Carrascal, Cantilan, Madrid, Carmen at Lanuza (CarCanMadCarLan). Ayon kina Borong at Mondano (2021), ang pag-aaral

ng lenggwahe ng mga tribu sa Pilipinas ay isang malaking kontribusyon upang maipreserba ang kakaibang katangian nito.

Figyur 1



Ang sinkronilinggwistikong pag-aaral na ito ay ginamitan ng deskriptib-kwalitatib at indihenus na pamamaraan sa pagsusuri ng ponolohikal na estruktura ng Surigaonon-Cantilan ng Surigao del Sur. Ginamit ang kwalitatibong disenyo ng pananaliksik sa pagsagawa ng sinkronilinggwistikong pag-aaral na ito upang matukoy ang pamamaraan at karanasan ng mga impormante sa paggamit ng kanilang wikang kinagisnan sa pakikipag-ugnayan sa lipunang kinabibilangan.

Isinagawa ang pag-aaral sa mga bayan ng Carrascal, Cantilan, Madrid, Carmen at Lanuza (CarCanMadCarLan). Ito ang limang bayan na matatagpuan sa Timog-Kanluran ng Surigao del Sur. Ginamit din ang pamamaraang purposive sampling sa pagpili ng sampung mga impormante na mga lehitimong mamamayan ng mga bayan ng CarCanMadCarLan na nasa edad 70 pataas na gumagamit ng wikang Cantilangnun. Sa pagtukoy ng mga impormante ng pag-aaral ay isinaalang-alang ang paghingi ng permiso mula sa Mayor na tutukoy ng mamamayan sa bayan na kikilalaning impormante para sa pagsasakatuparan ng pag-aaral.

Sa pagkuha ng mga datos, ginamit ang

gabay na talatanungan. Binuo ng dalawang bahagi: ang unang bahagi ay tungkol sa mga tanong na nangangailangang magsalaysay o magkuwento ang mga impormante nang tuloy-tuloy hinggil sa kanilang mga sariling nararanasan at naoobserbahan sa kanilang bayan. Sa pamamagitan ng kanilang pagsasalaysay, nakuha ang kanilang pamamaraan ng pagsasalita at maging ang paggamit ng mga salita. Ang ikalawang bahagi naman ay ang pagpapasalin sa wikang Cantilangnun ng mga nakatalang mga salita ng wikang Sinugbuanong Binisaya na ginamit sa pagtuturo ng *mother tongue* sa MTB-MLE.

Matapos isinagawa ang pakikipanayam ay pinakinggan ang mga nairekord na mga datos at itinanskrayb ito alinsunod sa ponema ng wikang Filipino. Ginamit ang transkripsiyong ponemiko bilang patnubay kung papaanong bibigkasin nang wasto ang mga salita sa Surigaonon-Cantilan. Ikinulong sa dalawang guhit na pahilis ang mga salitang itinatranskrayb at hindi ito ginamitan ng malaking titik. Ginamit din ang tuldok na kumakatawan sa pagpapahaba ng patinig na laging inilalagay pagkatapos ng mahabang patinig. Inirerepresenta ng /ʔ/ ang impit na tunog na matatagpuan sa salitang Cantilangnun na isinulat nang nakataas sa ibang ponema. Inilagay naman ang /h/ sa posisyong pinal ng salita na nakapaibabaw sa patinig.

Isinagawa ang deskriptibong pagsusuri sa estruktura ng ponolohiya ng Surigaonon-Cantilan. Inilarawan ang dalawang uri ng ponema, ang ponemang segmental ayon sa diptonggo, klaster, pares minimal at ponemang suprasegmental ayon sa diin.

Etika sa Pag-aaral

Sa pagsasakatuparan ng pag-aaral ay isinasaalang-alang ang mga etika ng pananaliksik. Humingi ng pahintulot ang

mananaliksik mula sa Mayor ng bayan na saklaw ng pag-aaral, na magkakaroon ng pakikipanayam sa mamamayan ng kanilang bayan na mapipili bilang impormante para sa isasagawang pagsusuri sa ponolohikal na estruktura ng Surigaonon-Cantilan sa Surigao del Sur. Pagkatapos nitong mabigyan ng pahintulot, tinukoy ang mga impormante alinsunod sa pamamaraan ng *purposive sampling* na nailahad sa metodo ng pag-aaral. Upang masiguro ang bukas-loob na kagustuhan ng impormante sa pagbigay ng mga datos na kinakailangan sa pag-aaral, binigyan muna ng liham ang mga impormante upang matiyak ang kanilang kooperasyon sa pakikipanayam. Nakapaloob sa liham ang layunin ng pag-aaral na nakasulat sa Cantilangnun upang lubos itong maintindihan at nang makapagdesisyon ang impormante kung papayag o hindi. Ipinaliwanag nang masusi ang proseso sa pananaliksik bago kinuha ang pagsang-ayon ng mga impormante sa paglahok sa pag-aaral. Binigyan sila ng angkop na oras para magtanong at tugunan ang anumang alalahanin. Ipinaliwanag na dahil boluntaryo ang kanilang paglahok, ang pagtangi na lumahok sa pag-aaral habang ito ay isinasagawa ay hindi makakaapekto sa kanilang sarili at pamumuhay. Ang mga potensyal na kalahok ay binigyan ng angkop na oras (isang linggo) upang basahin ang impormasyon at magpasya kung nais nilang makilahok sa pag-aaral na ito o hindi. Sa mga pumapayag na maging impormante, pinalagdaan ang *informed consent form* bago ang panayam upang ipahiwatig ang kanilang pahintulot na maging bahagi ng pag-aaral at ang lagda ay nakumpirma bago ang sesyon ng pakikipanayam. Hiniling din sa kanila ang pahintulot na i-record ang panayam. Ang *anonymity* at pagiging kumpidensyal ng mga impormante ay napanatili sa pamamagitan ng hindi

paglalahad ng kanilang mga pangalan at pagkakakilanlan sa pagkolekta ng mga datos, pagsusuri at pag-uulat ng mga natuklasan na pag-aaral.

Resulta ng Pag-aaral

Ipinapakita sa bahaging ito ang paglalarawan sa pagsusuri sa estruktura ng ponolohiya ng Surigaonon-Cantilan ng Surigao del Sur.

Ponemang Segmental

May tiyak na dami o bilang ng makabuluhang tunog ang bawat wika. Ang Surigaonon-Cantilan na wikain ay may tunay na tunog at ang bawat tunog ay kinakatawan ng isang titik. Sinasabing makabuluhan ang isang tunog kapag nag-iba ang kahulugan ng salitang kinasasamahan nito sa sandaling ito'y alisin o palitan. Ang salitang *pandaw* ng mga Cantilangnun na nangangahulugan sa wikang Filipino na 'halika' ay nagkaroon ng ibang kahulugan kapag inalis o pinalitan ang /d/-- *panaw* 'alis' at *pantaw* 'sahig'. Samakatuwid, ang /d/ ay isang makabuluhang tunog sa wikang Cantilangnun. Ang isang makabuluhang tunog ay tinatawag na ponemang segmental o ponema.

Ang Talahanayan 1 ay naglalahad ng anim (6) na mga ponemang patinig ng Surigaonon-Cantilan. Ito ang mga ponemang /i/, /e/, /ə/, /d/, /u/, at /o/ na makikita sa inisyal, midyal at pinal na bahagi ng salita. Tunay na mahalaga ang ponemang patinig ng wikaing inilalarawan dahil ito ay nagdudulot ng katangi-tanging kahulugan ng salita. Tulad na lamang ng salitang /*bira*^h/ na nangangahulugan 'hila' sa wikang Filipino, kung aalisin ang /i/ ay magiging /*bra*/ na lang ito na isang uri ng kasuotan. Gayundin ang ponemang /e/ kapag kinaltas ang ponemang /e/ tulad ng /*eha.tag*/ 'ibigay' na nasa bahagi ng pananalita na pandiwa ay magiging

/ha.tag/ na nangangahulugang ‘bigay’ na nasa bahagi ng pananalita na pangngalan. Mawawalan ng likas na kahulugan ang salita tulad ng *la/*, */nes/*, */sra/* at */buh/* na nawawalan ang ponemang */i/*; gayundin ang */kyat/*, */pru/*, */bəj/* nawawala ang kahulugan kapag walang ponemang */e/*.

Talahanayan 1

Ponolohikal na Katangian ng Surigaonon-Cantilan Batay sa Ponemang Segmental na Patinig

Ponemang Patinig	Mga Salitang Cantilangnun		
	Inisyal	Midyal	Pinal
<i>/i/</i>	<i>/i.la^h/</i> ‘kanila’	<i>/bi.ra^h/</i> ‘hila’	<i>/ne.si^h/</i> ‘ngiti’
	<i>/i.jo^h/</i> ‘inyo’	<i>/si.ra^h/</i> ‘pinto’	<i>/bu.hi^h/</i> ‘buhay’
<i>/e/</i>	<i>/ekyat/</i> ‘bilisan’	<i>/se.ja^h/</i> ‘siya’	<i>/bə.je^h/</i> ‘babae’
	<i>/eha.tag/</i> ‘ibigay’	<i>/sera^h/</i> ‘pinto’	<i>/an.he^h/</i> ‘dito’
<i>/ə/</i>		<i>/gə.jud/</i> ‘talaga’	
<i>/a/</i>	<i>/a.jo^h/</i> ‘hingi’	<i>/pa.yad/</i> ‘ palad’	<i>/daya^h/</i> ‘dala’
<i>/u/</i>	<i>/u.yo^h/</i> ‘ulo’	<i>/tuyo^h/</i> ‘ tatlo’	<i>/su.go^h/</i> ‘utos’
<i>/o/</i>	<i>/otro^h/</i> ‘ulit’	<i>/tibuok/</i> ‘ buo’	<i>/kuyo^h/</i> ‘kuko’

Ang ponemang */ə/* na mayroong *pepet* na tunog ay makikita sa gitna ng salita tulad ng *gajud* na binibigkas ng */gə.júd/* na nangangahulugang ‘talaga’. Ipinahihawatig nito na ginagamit naman ang ponemang */ə/* kapag ang sinundang ponema nito ay */g/* at kasunod nito ang ponemang */j/*. Mapapansin na makikita lamang ang ponemang */ə/* sa midyal ng salita na ang nauunang ponema ay ponemang */b/* at sinusundan ito ng ponemang */j/* tulad ng salitang *baje* */bə.je^h/* na may katumbas sa wikang Filipino na babae. Ginagamit din ang ponemang ito kapag nasa gitna ito ng ponemang */s/* at */g/*. Samantala, ang ponemang */a/* ay makikita sa inisyal, midyal at pinal na bahagi ng mga

salitang Cantilangnun.

Ang ponemang */u/* ay makikita sa inisyal at midyal ng salitang Cantilangnun tulad ng */u.yo^h/* na nangangahulugang ‘ulo’ sa wikang Filipino, nasa gitna naman ang ponemang ito sa salitang */tuyo^h/* ‘tatlo’. Gayundin ang ponemang */o/* na makikita sa inisyal at pinal ng salita tulad ng */ot.ro^h/* ‘ulit’, midyal naman ang nasa salitang */tibuok/* ‘buo’ at nasa pinal na bahagi naman ang ponema sa salitang */kuyo^h/* ‘kuko’. Nagdudulot ng makabuluhang kahulugan ang ponema dahil magkaroon ng pagbabago ang kahulugan ng salita kung mawawala ang ponemang */u/* gaya ng */yo/*, */tuy/*, */sgo/*; at, ang ponemang */o/* sa */tr/*, */tibuk/* at */kuy/*.

Sa pag-aaral ni Dumanig (2015) hinggil sa paglalarawan ng ponolohiya ng Wikang Surigaonon natukoy ang tatlong (3) ponemang patinig at may limang makabuluhang tunog. Gayundin, sa pag-aaral ni Borong (2017), ipinahayag ang paliwanag ng kanyang mga tagsuri ng wikang Binisaja sa Timog Leyte na mayroon lamang tatlong (3) ponemang patinig at ito ang ponemang */a/*, */i/* at */u/*. Ipinapahiwatig dito na ang wikang Cantilangnun sa Surigao del Sur ay totoong nagtataglay rin ng katangian ng isang wika. Ang mga ponemang patinig nito ay may makabuluhang gamit sa pagbuo ng mga salita sa wikang Cantilangnun. Ito ay makikita sa inisyal, midyal at pinal na posisyon ng salita na nagdudulot ng mahalagang kahulugan ng salita.

Ang Talahanayan 2 ay naglalahad ng labimpitong (17) ponemang katinig ng Surigaonon-Cantilan. Ito ang mga ponemang */p/*, */b/*, */t/*, */d/*, */k/*, */g/*, */s/*, */h/*, */m/*, */n/*, */ŋ/*, */l/*, */r/*, */y/*, */w/*, */ʔ/* at */j/* na makikita sa inisyal, midyal at pinal na bahagi ng salita maliban sa ponemang */j/* na hindi nakikitaan ng posisyong pinal.

Katulad sa resulta ng pag-aaral nina Borong at Mandao (2021), ang mga ponemang /j/ ng lenggwaheng Minamanwa ay kadalasang makikita sa midyal tulad ng *babaji* at bujo at hindi nakikitaan ng posisyong inisyal at pinal.

Talahaayan 2

Ponolohikal na Katangian ng Surigaonon-Cantilan Batay sa Ponemang Segmental na Katinig

Mga salitang Cantilangnon			
Ponemang Katinig	Inisyal	Midyal	Pinal
/p/ at /b/	/pak.jaw/ 'pakyaw'	/supaʔ/ 'nguya'	/sajop/ 'mali'
	/ba.sin/ 'baka'	/subaʔ/ 'ilog'	/kutob/ 'hanggang'
/t/ at /d/	/ta.roʔ/ 'lata'	/put.haw/ 'bakal'	/paniti/ 'balat'
	/da.roʔ/ 'binungkal na lupa'	/kad.toh/ 'punta doon'	/pa.yad/ 'palad'
/k/ at /g/	/ku.yang/ 'kulang'	/tukod/ 'saklay'	/bu.yak/ 'bulaklak'
	/gu.yang/ 'malapit nang mahinog'	/tagad/ 'hintay'	/bu.yag/ 'hiwalay'
/s/ at /h/	/sa.yaʔ/ 'salain'	/pisoʔ/ 'sisiw'	/ba.yos/ 'ganti'
	/ha.yaʔ/ 'lamay'	/ma.huyas/ 'pawisin'	/asoʔ/ 'usok'
/m/, /n/ at /ŋ/	/ma.rajaw/ 'mabuti'	/kam.paʔ/ 'gapang'	/suyom/ 'itim na langgam'
	/na.dajun/ 'natuloy'	/bunuʔ/ 'saksak'	/ha.man/ 'saan'
	/ŋa.yan/ 'pangalan'	/panba.jad/ 'pambayad'	/hayay/ 'maanghang'
/l/ at /r/	/labaʔ/ 'paglalaba'	/sal.taʔ/ 'itaas'	/koral/ 'bakod'
	/rabaʔ/ 'daw'	/sarok/ 'sumbrero'	/tukar/ 'tugtog'
/y/ at /w/	/yaot/ 'pangit'	/suyay/ 'disturbo'	/kutay/ 'sampayan'
	/wayong/ 'mukha'	/suway/ 'hindi sumunod'	/ba.haw/ 'pasalubong'
/?/	/ʔi.jaʔ/ 'inyo'	/ma.ʔisog/ 'magalitin'	/ha.jaʔ/ 'iyak'
	/ʔi.moʔ/ 'iyog'	/tag.ʔi.jaʔ/ 'may-ari'	/tuuy/ 'tulo'
/j/	/ja.un/ 'meron'	/pa.jon/ 'payong'	x
	/jəman/ 'panakot'	/lajuʔ/ 'malayo'	x

Makabuluhan ang bawat ponemang katinig ng Surigaonon-Cantilan. Ito ay mayroong tiyak na kahulugang naidudulot sa salita. Katunayan, lubos na nakilala

ang mga Cantilangnon sa bansag na *ija-ija* 'kanila', *ijo-ijo* 'inyo', at *jaun-jaun*, 'meron' dahil sa likas na makabuluhang tunog ng ponemang /j/. Nagkakaroon ng ibang kahulugan ang salita kapag inaalís at pinalitan ang ponemang ito, tulad ng salitang /jə.ri/ na may katumbas sa wikang Filipino na 'nandito' at nagkaroon naman ng ibang kahulugan kapag ang ponemang /j/ ay pinalitan ng ponemang /k/ dahil ang /ka.ri/ ay nangangahulugang 'punta ka rito'. Matatagpuan ang ponemang ito sa inisyal tulad ng /jə.un/ 'meron' at /jəman/ 'panakot' at sa midyal tulad ng salitang /pa.jon/ 'payong' at /lajuʔ/ 'malayo'.

Gayunpaman, mayroong malaking kaibahan ang ibang komon na wika tulad ng Ingles at Surigaonon-Cantilan sa paggamit ng ponemang /j/. Sa Cantilangnon na wikain ay makikita lamang ang ponemang ito sa inisyal at midyal ng salita na hindi naman makikita sa ibang mga wika sa Pilipinas gayung maituturing din ito na likas na ponema ng wikang Filipino dahil ang Surigaonon-Cantilan ay isa sa mga wikang nakapag-ambag ng ponema sa wikang pambansa ng Pilipinas. Kaugnay sa resultang ito ipinaliwanag nina Macatabon at Calibayan (2016) na ang bawat wika ay nagkakaon ng pagkakaiba-iba dala sa mga mahahalgang salik tulad ng heograpikal at sosyal. Totoo ang ponemang /j/ ay nagtataglay rin ng natatanging pagkakakilanlan ang Surigaonon-Cantilan sa iba pang mga wika maging sa mga wikain sa Surigao del Sur. Sa bahaging ito, ipinapakita ang kalikasan ng mga ponema patinig at katinig ng Surigaonon-Cantilan. Ito ay nagbibigay ng mga makabuluhang kahulugan ng salita sapagkat kung mawawalan man ng isang ponema ang isang salita ay tiyak na magkakaroon ng pagbabago sa kahulugan ng salita.

Talahanayan 3

Ang mga Ponemang Segmental Ayon sa Diptonggo

Diptonggo	Salitang Cantilangnun	Salin sa Wikang Filipino
/iw/	/baliw/	uri ng halaman na ginamit sa paggawa ng banig
	/tiksiw/	alis
/aw/	/awna ^h /	katumbas sa ekspresyong 'ah'
	/sa.jaw/	sayaw
/ay/	/ayna ^h /	isa sa mga ekspresyon ng mga Cantilangnun
	/ja.nay/	hintay
/oy/	/huyoy/	lanta
	/naa.ngoy/	nabaliw
/uy/	/hikuy/	hindi lumilitaw
	/du.kuy/	ubo

Ang Surigaonon-Cantilan ay mayroong limang (5) diptonggo na inilalahad sa Talahanayan 3. Ito ay mga diptonggo na *iw*, *aw*, *ay*, *oy* at *uy* na maaaring makikita sa inisyal at pinal na pantig ng salita; samantala, sa pag-aaral ni Dumanig (2015) ay ipinapakita ang apat (4) na diptonggo: *aw*, *ay*, *iw*, at *uy* sa wikang Surigaonon. Natuklasan din ang apat (4) na diptonggo na *ay*, *oy*, *uy* at *aw* ng mga Mamanwa (Borong at Mondano, 2021); at ang diptonggo na *ay*, *uy*, at *aw* ng mga Subanen (Cebrero, 2012). Ipinapahiwatig lamang nito na totoo ng tatak ng isang wika ang katangiang natatangi at iba sa maraming wika (Passion, 2015); at nagpapatunay lamang na ang wika ay sumasalamin sa kultura ng lipunan. Sa kasalukuyang pag-aaral, ipinapakita na mayroong diptonggo na /oy/ Surigaonon-Cantilan na mga salita gaya ng salitang /hu.yoy/ na nangangahulugang 'lanta' sa Filipino at /naa.ngoy/ o 'nabaliw'. Ito ay tunay na likas sa mga katutubong salita sa mga Cantilangnun at ipinahihiwatig lamang na tinataglay nito ang katangian ng wika na nakapag-ambag din sa pagpapayaman ng pambansang wika sa Pilipinas. Ayon kay Lacsamana (2021) na ang pagpapayaman

ng pambansang wika sa tulong ng iba pang katutubong wika sa Pilipinas at ang pagtataguyod sa iba pang wika sa bansa ay isang komplementaryong gawain na napakikinabangan at nagpapatibay sa katotohanan na ang lahat ng pangkat etniko sa Pilipinas ay may karapatang mag-ambag sa ikauunlad ng wikang Filipino.

Sa Talahanayan 4, ipinapakita ang dalawampu't dalawang (22) klaster ng Surigaonon-Cantilan, ang /bl/, /br/, /by/, /dj/, /dr/, /dy/, /gr/, /gw/, /hy/, /kl/, /kr/, /kw/, /ky/, /ly/, /pl/, /pr/, /pw/, /py/, /sw/, /sy/, /tr/ at /ty/. Mapapansin na ang mga klaster na ito ay makikita sa inisyal na bahagi ng salita ngunit maaari rin itong nasa gitna

Talahanayan 4

Ang mga Ponemang Segmental Ayon sa Klaster

Klaster o Kambal Katinig	Wikang Cantilangnun	Wikang Filipino
/bl/, /br/ at /by/	/blan ^{ko} /	walang laman
	/brandelyas/	bakod
	/bya.je ^h /	balae
/dj/, /dr/ at /dy/	/badjho ² /	noo
	/dra.ma ^h /	dula-dulaan
	/dya.ga ^h /	dalaga
/gr/ at /gw/	/grasya ^h /	biyaya
	/gwa.pa ^h /	maganda
/hy/	/hyadhajan/	sampayan
/kl/, /kr/, /kw/ at /ky/	/kla.ro ^h /	malinaw
	/kri.sis/	kahirapan
	/kwarta ^h /	pera
	/kya.jo ^h /	apoy
/ly/	/lya.ke ^h /	lalaki
	/lya.be ^h /	susi
/pl/, /pr/, /pw/ at /py/	/plastar/	ayos
	/presko ^h /	sariwa
	/pwerta ^h /	pintuan
	/pyansa ^h /	bayad
/sw/ at /sy/	/swerte ^h /	mapalad
	/sya.pi ^h /	pera
/tr/ at /ty/	/trapo ^h /	basahan
	/tyana ^h /	halika na
	/tya.ban/	tanang

ng salita kung inuunlapan ang mga salita tulad ng /*magbya.je*^h/ ‘magbala-e’, /*kadya.ga*^h/ ‘kadalaga’, /*kagwa.pa*^h/ ‘maganda’, /*maghyadjay*/ ‘magsampay’, /*kakla.ro*^h/ ‘malinaw’, /*maglya.be*^h/ ‘magsusi’, /*nagpyan.sa*^h/ ‘nagbayad’, /*kaswer.te*^h/ ‘mabiyaya’ at /*magtya.ban*/ ‘magtanan’. Pinapatunayan nito na ang wikaing pinag-aralan ay may likas na katangian sa ibang mga wika sa Surigao del Sur.

Lubhang mahalaga ang mga klaster na ito sa mga salitang nabanggit dahil ito ang nakapagbibigay ng tiyak na kahulugan ng salita. Tulad na lamang ng salitang /*kya.jo*^h/ na likas na katutubong salita ng mga Cantilangnun. Nangangahulugan itong ‘apoy’ sa wikang Filipino. Totoong katutubo ang salitang /*kya.jo*^h/ dahil kahit sa Bisaya at Cebuano ay hindi ito maintindihan sapagkat *kalayo* ang tawag nito sa kanilang wika.

Tunay na nagdudulot ng kahulugan ang

mga klaster sa mga salitang ipinapakita sa Surigaonon-Cantilan. Mawawalan ng tiyak na kahulugan ang mga salita kapag kinaltas ang mga klaster na ito maliban lamang sa salitang /*kya.jo*^h/ na kapag inalis ang klaster na /*ky*/ ay nagkaroon pa rin ng kahulugan ang salitang /*a.jo*[?]/ na nangangahulugang ‘hingi’ sa Filipino. Ayon kay Laranjo (2017), ang pagtatagpo ng mga wika ay nagreresulta sa pagbabago at pag-unlad sa mga tunog nito at lumalabas ang mga unibersal na katangian tulad ng isinaad sa Ponolohyang Heneratibo ngunit nagreresulta rin ito sa pagkakaroon ng natatanging katangian ng bawat wika. Katunayan, sa Cantilangnun na wikain ay makikita ang natatanging katangian nito na makapag-aambag para sa pagpapaunlad sa mga rehiyonal na wika at sa wikang Filipino.

Natutukoy ang mga pares minimal na salita ng Surigaonon-Cantilan. Ito ay mga salitang Cantilangnun na magkaiba

Talahanayan 5

Ang mga Ponemang Segmental Ayon sa Pares- Minimal

Pares-Minimal sa Surigaonon-Cantilan					
Inisyal		Midyal		Pinal	
Cantilangnun	Filipino	Cantilangnun	Filipino	Cantilangnun	Filipino
				/bu.yak/ at /bu.yag/	‘bulaklak’ at ‘hiwalay’
/da.jaw/ at /sa.jaw/	‘pagkumpuni’ at ‘sayaw’				
/ku.yang/ at /gu.yang/	kulang’ at ‘malapit nang mahinog’	/supa [?] / at /suba [?] /	nguya’ at ‘ilog’		
		suyay/ at /suway/	disturbo’ at ‘hindi sumunod’		
/ta.roh/ at /da.roh/	lata’ at ‘pagbubungkal ng lupa’				
/sa.ya [?] / at /ha.ya [?] /	‘salain’at ‘lamay’				

ang kahulugan ngunit magkatulad na magkatulad sa bigkas maliban sa isang ponema na magkatulad na posisyon. Taglay ng mga salita na inilalahad sa Talahanayan 5 dahil ang katangian ng isang pares minimal ay pinipakita. Tulad ng salitang /a.jaw/ ‘huwag’ kapag ito ay nilagyan sa /d/ na inisyal na bahagi ng salita ay nangangahulugang ‘kumpuni’; at, kapag ponemang /s/ ang ilalagay sa inisyal na bahagi ay magiging /sa.jaw/ o ‘sayaw’. Maaari ring makita sa midyal na posisyon ang mga ponemang nagdudulot ng pares minimal tulad ng salitang /su.ay/ ‘binubula’ na kapag nilalagyan ng ponemang /w/ at /y/ sa midyal na posisyon ay magiging /su.way/ ‘hindi sumunod’ at /su.yay/ ‘disturbo’. Gayundin ang salitang /bu.yaâ/ o ‘bula’ na kapag nilagyan ng ponemang /k/ at /g/ sa posisyong pinal ay magiging /bu.yag/ ‘hiwalay’ at /bu.yak/ ‘bulaklak. Malinaw na ipinapakita ang mahalagang kahulugang naidudulot sa pagiging pares minimal ng mga salita ang mga ponema. Kaugnay ito sa pahayag ni Calay (2014) na nabanggit sa pag-aaral nina Borong at Mondano (2021) na ang mga wikain sa Pilipinas ay may kaniya-kaniyang mga estruktural,

morpholohikal at ponolohikal. Napagtanto rin ng mananaliksik na sa pagtuturo ng estruktura ng wika ay maaaring gamiting isa sa mga halimbawa ang mga datos mula sa pag-aaral na ito. Ipinapahiwatig rin na mayroong mahalagang implikasyon sa lubos na pagkakaintindihan ng bawat mamamayan tungo sa pagsasakatuparan ng nilalayong pagkakaisa at tagumpay.

Ponemang Suprasegmental

Sa Surigaonon-Cantilan karaniwang binibigkas nang may diin ang mga salitang higit sa isang pantig. Ayon kay Santiago (1994), tumutukoy ang diin sa lakas ng bigkas sa pantig ng salita. Sa bahaging ito, ginagamit ang simbolong tuldik (.) upang matukoy ang pantig ng salita na may diin. Ginagamit din ang tuldok upang mabigkas nang maayos ang isang salita at matiyak ng bumabasa ang kahulugan nito. Tuldik na paiwa (˘) ang ginagamit sa mga salitang binibigkas nang malumi, pahilis (˙) kung ang bigkas ng salita ay mabilis at pakupya naman (^) kung ito’y binibigkas nang maragsa. Inilalagay ang mga tuldik na ito sa itaas ng huling patinig ng salita. Ang glotal na pasara ay inirerepresenta ng tuldik

Talahanayan 6

Ang Ponemang Suprasegmental Ayon sa Diin

Mga Salitang Cantilangnun							
Malumay		Malumi		Mabilis		Maragsa	
Can	Fil	Can	Fil	Can	Fil	Can	Fil
a.mo	kasero	a.mò	amin	amó	talaga	amô	unggoy
a.nay	hintay muna			anáy	inahing baboy		
ba.jad	bayad			bajád	bayad na		
		bə.jà	pag-iwan			bə.já	dumi
		bu.hi	mga alaga			buhi	buhay
da.jaw	kumpunihin			dajáw	magaling na		
ja.un	meron			jaún	iyon		
sa.jaw	sayaw			sajáw	uri ng ibon		
sa.ja	palda	sa.jà	pagpuri				
		sa.yà	salain			sayá	kasalanan
				wayá	kaliwa	wayá	wala

na paiwa at pakupya sa posisyong pinal ng salita.

Ang Talahanayan 6 ay nagpapakita ng mga salitang Cantilangnun na magkapatayo ang baybay ngunit magkaiba ang kanilang kahulugan dahil sa diin ng pagkabigkas nito. Tulad na lamang ng salitang *amo*, mayroon itong apat na kahulugan bunga ng pagkakaiba ng diin nito. Kapag binibigkas ang *a.mo* nang malumay ay nangangahulugan itong kasero o *landlord*; nangangahulugan namang amin o *ours* ang salitang *a.mò* na binibigkas nang malumi; totoo o *really* ang kahulugan ng salitang *amó* na binibigkas nang mabilis; at unggoy o *monkey* naman ang kahulugan ng salitang *amô* na binibigkas nang maragsa. Gayundin ang ibang mga salita na nailahad sa talahanayan ay nagkaroon ng angking kahulugan dahil sa diin nito.

Mayroon ding dalawang kahalugan ang salitang *anay*, kapag binibigkas ang *a.nay* nang malumay ay nangangahulugang hintay ka muna na isang uri ng pangungusap na pautos ngunit nangangahulugan naman ng isang uri ng hayop na inahing baboy na napapabilang sa pangngalan na bahagi ng pananalita kapag ang salitang *anáy* binibigkas nang mabilis. Parehong tumutukoy sa bayad ang kahulugan ng salitang *bajad* ngunit nagkakaroon ito ng pagkakaiba sa kahulugan kapag binibigkas ang *ba.jad* nang malumay dahil tumutukoy ito sa isang bayad na nasa bahagi ng pananalita na pangngalan samantala kapag binibigkas ang *bajád* nang mabilis ito naman ay nangangahulugang bayad na nagpapakita ng aspekto ng pandiwa na pangnagdaan.

Ang salitang *bə.jà* naman ng Surigaonon-Cantilan ay mayroong dalawang kahulugan ayon sa diin nito. Kapag binibigkas ang *bə.jà* nang malumi nangangahulugan itong pag-iwan, isang pangngalan na

tumutukoy sa pangyayari at kapag ang salitang *bəjâ* ay binibigkas nang maragsa ay nangangahulugang dumi na isa pa ring uri ng pangngalan. Gayundin ang salitang *bu.hi* ay maroon ding dalawang kahulugan ayon sa bigkas. Nangangahulugang *mga alaga* na isang pangngalan ang salitang *bu.hi* kapag binibigkas nang malumi at *buháy o masigla* naman ang kahulugan na isang pang-uri kapag ang salitang *buhì* ay binibigkas ng maragsa.

May mga salita naman ang Surigaonon-Cantilan na nagkaroon ng iba-ibang kahulugan dahil sa diin nito na binibigkas nang malumay at mabilis. Ang salitang *dajaw* ay nagkaroon ng dalawang kahulugan kapag binibigkas: ang *da.jaw* na malumay, nangangahulugang kumpunihin na isang pandiwa at nasa aspektong panghinarap, kapag ang salitang *dajáw* ay binibigkas nang mabilis na nangangahulugang magaling na o maayos na, ito ay isang pang-uri. Gayundin ang salitang *jaun* na isa sa mga bansag sa mga Cantilangnun. Kapag binibigkas ang *ja.un* nang malumay, ito ay nangangahulugang meron at kapag binibigkas ang *jaún* nang mabilis ay nangangahulugang iyan na isang uri ng panghalip pamatlig. Ang salitang *sajaw* rin ay may dalawang kahulugan. Kapag ang *sa.jaw* ay binibigkas nang malumay nangangahulugan itong sayaw ngunit isang uri ng ibon ang kahulugan nito kapag ang salitang *sajáw* ay binibigkas nang mabilis.

Mapapansin din sa talahanayan na ang salitang *saja* ay may dalawang kahulugan. Kapag binibigkas ang *sa.ja* nang malumay nangangahulugan itong isang uri ng damit na palda ngunit isang pagpuri naman ang kahulugan kung ang salitang *sa.jà* ay binibigkas nang malumi. Makikita rin ang salitang *saya* na mayroong dalawang kahulugan. Salain ang ibig sabihin kapag ang salitang *sa.yà* ay binibigkas nang

malumi ngunit kasalanan ang kahulugan kung ang bigkas ng salitang *sayâ* ay maragsa. Likas din ang salitang *waya* sa Surigaonon-Cantilan. Kaliwa ang kahulugan kapag ang salitang *wayá* ay binibigkas nang mabilis at wala naman ang kahulugan kapag ang *wayâ* ay binibigkas nang maragsa.

Ang katangiang ito ng isang wika ay tinataglay ng Surigaonon-Cantilan. Lubhang mahalaga rin ang diin ng pagbigkas ng mga katutubong salita sa Cantilangnun. Totoong nakapagdudulot ito ng tiyak na kahulugan at maaaring makapagpapamali sa ideya o mensaheng dapat ipabatid ng nagsasalita sa kausap kung mali ang diin ng salitang kanyang sinasabi. Kaugnay ito sa pahayag ni Augusto (2019) na mahirap unawain ang mga salita hangga't hindi natin nauunawaan ang mga estruktura nito. Pinaniniwalaan dito na ang kasanayan sa estruktura ng palatunugan na bumubuo sa mga anumang anyong berbal na pahayag ay kasangkot sa anumang gawain sa paglinang ng kasanayan sa wika at abilidad sa paggamit nito. Ayon kay Alvarado (2018), isa sa mga katangian ng wika ang pagkamalikhain. Ginagamit ito ng tao sa pakikipag-usap, naging malikhain at masining ang tao sa pagpapahayag upang mas makakuha ng interes at maging kawili-wili sa kausap. Malaki rin ang naitutulong nito upang higit na mapadali ang pag-unawa at pagpabatid ng impormasyon. Patunay rin ito na ang pag-aaral sa mga diin sa pagbigkas ng mga salitang Cantilangnun ay lubos na nakatutulong upang magkaroon ng mabisang komunikasyon sa pakikipag-ugyanan.

Natuklasan

Sa pag-aaral na ito, natuklasan na ang Surigaonon-Cantilan ay nagtataglay ng mga uri ng ponema. Natukoy ang anim (6) na mga patinig na /i/, /e/, /ə/, /a/, /u/, at /o/ na

nagdudulot ng makabuluhang kahulugan sa mga salitang Cantilangnun. Ito ay makikita sa inisyal, midyal at pinal na bahagi ng salita. Natuklasan din ang labimpitong (17) ponemang katinig ng Surigaonon-Cantilan. Ito ang mga ponemang /p/, /b/, /t/, /d/, /k/, /g/, /s/, /h/, /m/, /n/, /ŋ/, /l/, /r/, /y/, /w/, /ʔ/ at /j/ na makikita sa inisyal, midyal at pinal na bahagi ng salita maliban sa ponemang /j/ na hindi nakikitaan ng posisyong pinal. Mayroon ding limang (5) diptonggo na tinataglay ang Surigaonon-Cantilan. Ito ay mga diptonggo na *iw*, *aw*, *ay*, *oy* at *uy* na maaaring makikita sa inisyal at pinal na pantig ng salita. Natuklasan din sa pag-aaral ang dalawampu't dalawang (22) klaster ng Surigaonon-Cantilan, ang /bl/, /br/, /by/, /dj/, /dr/, /dy/, /gr/, /gw/, /hy/, /kl/, /kr/, /kw/, /ky/, /ly/, /pl/, /pr/, /pw/, /py/, /sw/, /sy/, /tr/ at /ty/ na makikita sa inisyal na bahagi ng salita ngunit maaari rin itong nasa gitna ng salita kung inuunlapan ang mga salita.

Kongklusyon

Ang Surigaonon-Cantilan ay nagtataglay ng ga ponemang patinig na /i/, /e/, /ə/, /a/, /u/, at /o/ na nagdudulot ng makabuluhang kahulugan sa mga salitang Cantilangnun. Ito ay makikita sa inisyal, midyal at pinal na bahagi ng salita. Kinapapalooban din ito ng mga ponemang /p/, /b/, /t/, /d/, /k/, /g/, /s/, /h/, /m/, /n/, /ŋ/, /l/, /r/, /y/, /w/, /ʔ/ at /j/ na nakikita sa inisyal, midyal at pinal na bahagi ng salita maliban sa ponemang /j/ na hindi nakikitaan ng posisyong pinal. Mga diptonggo na *iw*, *aw*, *ay*, *oy* at *uy* na maaaring makikita sa inisyal at pinal na pantig ng salita. Mga klaster na /bl/, /br/, /by/, /dj/, /dr/, /dy/, /gr/, /gw/, /hy/, /kl/, /kr/, /kw/, /ky/, /ly/, /pl/, /pr/, /pw/, /py/, /sw/, /sy/, /tr/ at /ty/ ang natukoy sa pag-aaral na makikita lamang sa inisyal ng salita. Maaari lamang makikitaan ng diptonggo at klaster ang midyal ng ilang mga salita

kapag ito ay inuunlapan. Taglay rin ng wikain ang pares-minimal na segmental ng ponema. Natukoy rin ang isang salitang Cantilangnun na pareho ang baybay ngunit nagkaroon ng pagkakaiba sa kahulugan dahil sa diin nito. Apat na diin ang natukoy sa pag-aaral, ang malumay, malumi, mabilis at maragsa. Gaya ng ibang wika, ang Surigaonon-Cantilan ay nagtataglay rin ng katangian ng ponolohikal na estruktura. Ito ay nagpapatunay na ang wikaing pinag-aaralan ay nanatiling buhay. Patuloy itong ginagamit sa pakikipag-ugnayan ng mga mamamayang Cantilangnun sa mga bayan ng Carrascal, Cantilan, Madrid, Carmen at Lanuza sa Surigao del Sur. Ito ang totoong unang wika ng mga CarCanMadCarLanun.

Rekomendasyon

Iminumungkahi na gamitin ang resulta ng pag-aaral na ito bilang batayan sa pagbuo ng kagamitang panturo na angkop sa pagtuturo at pagkatuto ng Mother Tongue sa mga bayan ng Surigao del Sur na gumagamit ng wikang ito. Inirekomenda rin itong gawing batayan sa pagtuturo ng Lingguwistika at Estruktura ng wika. Ipagpatuloy rin ang paggamit ng wikang ito bilang midyum sa anumang mga gawaing pampamayanan at sa pakikipag-ugnayan sa mga kababayan sa lipunan maging sa sosyal medya. Inirekomenda ring mapag-aralan ang ortograpiya nito at maipakilala sa buong Pilipinas at sa labas ng bansa ang wikang Cantilangnun.

Plano para sa Pagpapalaganap at Paggamit ng Pananaliksik

Ang resulta ng pag-aaral na ito ay mahalagang mailahad sa mga partner stakeholders gaya ng Department of Education (DepEd), Pambansang Samahan ng Lingguwistika, Komisyon ng

Wikang Filipino at sa lahat ng mga guro ng nagtuturo sa wika. Ito ay maaaring gawing batayan sa pagbuo ng kagamitang panturo sa pagtuturo ng Mother Tongue, at pagtuturo ng Panimulang Lingguwistika at Estruktura ng Wika. Maaari rin itong gagamitin na referensya sa pagtuturo ng wika at sa pananaliksik.

Talaan ng mga Referensya

- Alvarado, D.A. et al. (2018). Varayti ng wikang Sugbuanong binisaya sa hilagang Cebu. *Global Journals*, 18(4),1. Online ISSN: 2249-460x. Print ISSN: 0975-587X
- Augusto, W.S. (2019). Leksikong kultural ng Tagalog at Sinugbuanon: Isang analisis. *Malay*, 31(1), 111-120 content/uploads/pdf/research/journals/malay/tomo-31/1/9-augusto.pdf
- Borong, N., & Mondano, A. (2021). Ponolohikal napagsusuri sa minamanwa. *Asia Pacific Journal of Management and Sustainable Development*, 9 (1), 83-90. <https://research.lpubatangas.edu.ph/wpcontent/uploads/2022/02/APJMSD-2021-01-011a.pdf>
- Calay, J. (2014). *Ang ponolohiya Filipino*. https://www.academia.edu/9585907/Fil_105_Reaction_Paper_Ponolohiyang_Filipino
- Cabrero, J. C. (2012). *Betad Pedlegamit: Tagapagsiwalat ng rehiyonal na mga dayalektong wikang Subanen sa Zamboanga peninsula*. [Disertasyon, Iligan City: Departamento ng Filipino at Ibang mga Wika, MSU-Iligan Institute of Technology].
- Chomsky, N. (1965). A review of B.F. Skinner's verbal behavior. *Language*, 35, 26-27. DOI: 10.2307/411334.
- Chomsky, N. (1965). *Aspects of the theory*

- of syntax*. The MIT Press.
- Creger & Murray (2002). *Programmed Instruction for Schools and Industry*. Research Association, Inc.
- Cuba, N. I., & Cubar, E. H. (1994). *Writing Filipino grammar: Traditions and trends*. New Day Publishers.
- Dumanig, F. P. (2011). *A descriptive analysis of Surigaonon language*. University of Malaya, Kuala Lumpur, Malaysia. http://www.academi.edu/328011/ADescriptive_Analysis_of_Surigaonon_Language
- Dumanig, F. P. (2015). Descriptive analysis of Surigaonon language. *Polyglosia*, 27.
- Fromkin, V., Rodman, R., & Hymes, N. (2010). *Introduction to linguistics*. Cengage Learning Asia Pte Ltd (Philippines Branch). Arlington.
- Lacsamana, L.C. (2021). Ang mga katutubong wika: Tungo sa pagbuo ng isang matatag at maunlad na bansang Filipino. <https://universitas.uap.asia/articles/ang-mga-katutubong-wika-tungo-sa-pagbuo-ng-isang-matatag-at-maunlad-na-bansang-filipino/>
- Laranjo, R.O. (2017). *Ang klaster o kambal- katinig sa wikang Filipino: Kasaysayan, estruktura ng silabol at mga prinsipyo*. <https://journals.upd.edu.ph/index.php/djwf/article/view/6375/5607>
- Macatabon, R., & Caibayan, M. (2016). Varayti at varyasyon ng wikang B'laan sa Bacong, Tulunan, Hilagang Cotabato at Lampitak, Tampakan, Timog Cotabato, Philippines. *Asia Pacific Journal of Multidisciplinary Research*, 4 (3), 128-136.
- Montera, G. G., & Perez, A. (2012). *Komunikasyon sa akademikong Filipino*. Quezon City: ALPS Publication.
- Pasion, R. M. (2015). Yang pagbul'lok. bul'lok: Varyasyon ng wikang Mandaya sa ilang munisipalidad ng Davao Oriental. *Asia Pacific Journal of Multidisciplinary Research*, 2(6).
- Pasion, R. M. (2015). Varayti ng wikang Mandaya sa tatlong munisipalidad ng Silangang Davao. *Asia Pacific Journal of Multidisciplinary Research*, 3(2).
- Paz, C. J. et al. (2003). *Ang pag-aaral ng wika*. The University of the Philippines Press.
- Santiago, A.O. (1994). *Sining ng pagsasalang-wika*. Manila: Rex Book Store.
- Sapir, E. (1949). *Culture, language and personality*. University of California Press.